

Ano ang ibig sabihin ng pagkaepektibo ng bakuna



Ang kasalukuyang bakuna sa COVID-19 ay napakamabisa sa pag-iwas o pagbawas sa kalubhaan ng COVID-19. Sa mga klinikal na pagsusuri, ang bakuna sa COVID-19 na **Pfizer-BioNTech** ay nagpapakita na **mabisa ng 95%** at ang bakuna sa COVID-19 na **Moderna** ay nagpapakita na **mabisa ng 94% laban sa virus.**

Mga Klinikal na Pagsusuri

Sa panahon ng klinikal na pagsusuri, **libo-libong mga boluntaryo** ay hinati sa dalawang grupo. Ang kalahati sa mga boluntaryo ay nakatanggap ng **bakuna sa COVID-19** at ang kalahati ay hindi (placebo ang natanggap nila.)

Mga boluntaryo



Bakuna sa COVID-19



Nagkaroon ng Sintomas: 1 sa 20



Bakuna na Placebo



Nagkaroon ng Sintomas: 19 sa 20



Pagkatapos mabigay ang mga bakuna, ang mga **boluntaryo ay sinubaybayan sa buong panahon para** makita kung nagkaroon ba sila ng sintomas sa COVID-19. Tapos ay kinumpara ng mga mananaliksik ang bilang ng mga boluntaryong nagkasakit sa dalawang grupo.

Sa chart na ito, **mas kaunti sa 95% na boluntaryo** na nakatanggap ng bakuna sa COVID-19 ang nagkaroon ng sintomas sa COVID-19 kumpara sa mga boluntaryong hindi nakatanggap ng bakuna. Kaya, ang bakuna ay magiging mabisa ng 95%.

Gaano kabisa ang ibang nakagawiang bakuna?

Maraming bakuna, kabilang ang bakuna sa COVID-19, ay nakababawas sa kalubhaan ng sakit kahit na hindi ka magkasakit. Mahalagang tandaan na **walang bakuna na 100% na mabisa.** Ang bakuna sa influenza ay nag-iiba bawat taon, pero nasa pagitan ng 19–60% ang bisa. Ang bakuna sa tigdang ay 97% ang bisa.

Ano pa ang ating pinag-aaralan hanggang ngayon?

Pagkatapos mapahintulotan na gamitin ang bakuna, ang kaligtasan at pagkamabisa nito ay **patuloy na sinusubaybayan.** Ang mga siyentipiko at mga opisyal sa pangkalusugan ay nag-aaral pa rin kung gaano katagal ang proteksyon ng bakuna sa COVID-19 pati na rin kung ang mga nabakunahan ay makakakuha pa rin ng COVID-19, at kung maipapasa ito sa iba, pero walang sintomas.



Para sa karagdagang impormasyon kung paano ginawa ang bakuna, sinuri at ibinahagi, bumisita sa vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine o tumawag sa 877-ASK-VDH3.



VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH